

《郵便番号》
《住所_上段》《住所_中段》
《住所_下段》
《氏名》様

埼社協第《発番》-2号
《局出し日(和暦)》

〈資金+貸付コード
のバーコード〉

社会福祉法人埼玉県社会福祉協議会
会長 山口 宏樹
(公印省略)

**Espesyal na Pautang ng Pang-emergency na Maliit na Pondo atbp.
Gabay tungkol sa Halagang Atrasado sa Pagbabayad at Paraan ng Pagbabayad sa Hinaharap**

Nais naming ipaalam sa inyo ang mga sumusunod na bagay tungkol sa halagang atrasado sa pagbabayad at halaga ng overdue interest ng 《資金種類》 na kasalukuyang lipas na ang pinakahuling deadline ng pagbabayad, ayon sa **sa petsang Disyembre 31, 2024**. *Maaaring iba ang halagang atrasado kung may binayaran sa o pagkatapos ng batayang araw ng paghahanda ng dokumento na nakasaad sa ibaba.

Samakatuwid, hinihiling namin na inyong suriin ang “Tungkol sa paraan ng pagbabayad ng halagang atrasado” na nakasaad sa kanan at bayaran ito.

[Tungkol sa halagang atrasado at halaga ng overdue interest]

- Ang halagang atrasado ay tumutukoy sa kabuuang halaga na hindi nabayaran sa nakaraan sa naplanong buwan ng pagbabayad, ayon sa batayang araw ng paghahanda ng dokumento.
- Ang halaga ng overdue interest ay kakalkulahin sa bawat araw mula sa susunod na araw ng pinakahuling deadline ng pagbabayad, batay sa halaga ng balanseng babayaran. Bukod dito, ang halaga ng overdue interest ay matutukoy sa oras na natapos nang bayaran ang principal.

Detalye

[Batayang araw ng paghahanda ng dokumento: 《作成基準日(和暦)》]

Pangalan ng pondo	《資金種類》
Code ng kautang	《資金コード》《貸付コード》
Halaga ng kautang	《貸付額》 yen
Pinakahuling deadline ng pagbabayad / Kalagayan ng utang	《償還期限日(和暦)》 / Pagkatapos ng deadline ng pagbabayad *Kalagayan ng utang mula noong Enero 2025
Halagang tapos nang bayaran	《償還済額》 yen
Halaga ng balanseng babayaran	《償還残額》 yen
Halagang atrasado mula sa halaga ng balanseng babayaran / Bilang ng atrasadong pagbabayad	《滞納額》 yen / 《滞納回数》 beses
Overdue interest	《延滞利子額》 yen

Bigyang-pansin

Kung nagbayad sa o pagkatapos ng batayang araw ng paghahanda ng dokumento, bago kayo magbayad, mangyaring magtanong sa mapagtatanungang nakasaad sa ibaba tungkol sa pinakabagong kalagayan ng atrasadong pagbabayad at halaga nito. Gayunpaman, kung nagbayad sa pamamagitan ng bank transfer, aabutin ng ilang araw ang pagkumpirma ng impormasyon ng natanggap na pera, kaya mangyaring makipag-ugnayan pagkalipas ng humigit-kumulang dalawang linggo mula sa araw ng bank transfer.

[Para sa aplikasyon at mga katanungan] Numero ng pagtatanong : 《資金コード》《貸付コード》

Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID

Saitama Prefectural Council of Social Welfare

[Numero ng telepono] 050-2018-1839 [Oras ng pagtanggap] Weekdays 9:00 - 17:00 https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html



Tungkol sa paraan ng pagbabayad ng halagang atrasado

(1) Minsanang pagbabayad

Kung nais ninyong mabawasan ang overdue interest

① Kung magbabayad sa pamamagitan ng bank transfer

Mangyaring bayaran ang **buong halaga ng halagang atrasado** sa account na padadalhan na nakasaad sa ibaba. *Kayo ang magbabayad ng bank transfer fee.

Upang matukoy ang taong umutang at ang binayarang kautang, **mangyaring siguraduhin na ilagay ang dalawang detalye na “code ng kautang” at “pangalan”** sa pangalan ng taong humiling ng bank transfer.

[Mga bagay na dapat tandaan]

- **Kung ipinadala ang halagang atrasado nang magkahiwalay sa pamamagitan ng higit sa isang bank transfer, maging ilang bank transfer fee para sa bawat padala.**
- Kung hindi nakasaad ang code ng kautang, maaaring hindi kayo matukoy at hindi maproseso ang padala bilang perang nabayaran.
- Para sa mga tumanggap ng higit sa isang kautang, kung hindi matukoy ang uri ng pondo ng kautang o mas malaki ang halaga ng bank transfer kaysa sa halaga ng balanseng babayaran kasama ng halagang atrasado, **gagamitin ang padala sa ibang kautang na mas malapit ang deadline ng pagbabayad.**

[Account na padadalhan] *Mangyaring mag-ingat para hindi magkamali sa paglalagay ng account number!

Pangalan ng bangko	Saitama Resona Bank	Pangalan ng branch (Numero ng branch)	Urawa Chuo Branch (256)
Uri ng deposito	Ordinaryo	Numero ng account	5742380
Pangalan ng may-ari ng bank account	Saitama Prefectural Council of Social Welfare, Social Welfare Corporation		

② Kung magbabayad sa pamamagitan ng payment slip sa convenience store

Ang mga payment slip sa convenience store para sa minsanang pagbabayad ay ipinapadala nang dalawang beses sa isang taon (tuwing Enero at Hulyo). Kapag natanggap ninyo ito, mangyaring magbayad bago ang petsa ng pagkawalang-bisa ng payment slip.

(2) Pagbabayad sa pamamagitan ng installment

Kung nais ninyong magbayad ng buwanang nakapirming halaga (5,000 yen o higit pa)

Kung mahirap ang minsanang pagbabayad at nais ninyong magbayad ng buwanang nakapirming halaga, maaaring magbayad sa pamamagitan ng account withdrawal. Sa kasong ito, kinakailangan ang hiwalay na aplikasyon, kaya mangyaring makipag-ugnayan muna sa mapagtatanungang nakasaad sa ibaba.

***Sa parehong kaso (1) at (2), lumalaki ang overdue interest habang tumatagal ang pagtatapos ng pagbabayad.**

*Kung mayroon kayong iba pang bagay na nais ikonsulta tungkol sa paraan ng pagbabayad, mangyaring makipag-ugnayan sa numero ng telepono na nakasaad sa ibaba.

~ Tungkol sa exemption sa pagbabayad atbp. pagkatapos ng deadline ng pagbabayad ~

Kung natutugunan ang alinman sa mga sumusunod na kondisyon at hindi pa nag-apply para sa exemption sa pagbabayad, maaaring mag-apply para sa exemption.

- Parehong exempted sa per capita rate at income rate ng residence tax

- Kasalukuyang tumatanggap ng pampublikong tulong [seikatsu hogo]

- Inisyuhan ng Sertipiko ng Mental na Kapansanan (Level 1) o Sertipiko ng Pisikal na Kapansanan (Level 1 o 2)

~ Kung nagbago ang address, pangalan, atbp. ~

Mangyaring punan ang Notipikasyon tungkol sa Pagbabago ng Pangalan atbp., at ipadala ito sa mapagtatanungang nakasaad sa ibaba kasama ng sertipiko ng paninirahan at iba pang kinakailangang dokumento. Maaaring i-print at tingnan ang Notipikasyon tungkol sa Pagbabago ng Pangalan atbp. at mga kinakailangang dokumento mula sa URL o two-dimensional code sa ibaba.

[Para sa aplikasyon at mga katanungan] Numero ng pagtatanong : 《資金コード》《貸付コード》

Namamahala sa Tanggapan para sa Pagbabayad at Exemption sa Espesyal na Pautang kaugnay sa COVID

Saitama Prefectural Council of Social Welfare

[Numero ng telepono] 050-2018-1839 [Oras ng pagtanggap] Weekdays 9:00 - 17:00 https://www.fukushi-saitama.or.jp/site/problem_33.html

